# LUNGSOD NG ENCINITAS - ABISO SA HALALAN

SA PAMAMAGITAN NITO, NAGBIBIGAY NG ABISO na magsasagawa ng Pangkalahatang Munisipal na Halalan sa Lungsod ng Encinitas sa Martes, Nobyembre 5, 2024, para sa mga layunin ng paghalal at pagkilos kaugnay ng sumusunod:

- Isang (1) Alkalde para sa buong dalawang-taong termino na matatapos sa Nobyembre 2026

- Dalawang (2) Miyembro ng Konseho:
  - Isang (1) Miyembro ng Konseho na kakatawan sa Distrito 1 para sa buong apat na taong termino na matatapos sa Nobyembre 2028
  - Isang (1) Miyembro ng Konseho ng kakatawan sa Distrito 2 para sa buong apat na taong termino na matatapos sa Nobyembre 2028

- Sa pagpupulong noong Mayo 22, 2024, pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ang Resolution 2024-60 na nag-uutos ng pagsusumite sa mga kwalipikadong botante ng Lungsod, ng isang panukala sa balota na ilalagay ng Konseho ng Lungsod sa balota kaugnay ng isang panukala sa paniningil ng isang-sentimo kada dolyar na buwis sa mga pangkalahatang transaksyon at paggamit (pagbebenta) kung saan ganito ang magiging tanong sa balota:

| | |
|---|---|
| Upang makapagbigay ng mga pagpopondong lokal na kinokontrol para sa mga serbisyo sa lungsod ng Encinitas, gaya ng pagpapanatiling ligtas at malinis ng mga parke, beach, pampublikong pasilidad; paglalayo ng basura/polusyon sa mga lagoon, waterway, beach, marine habitat sa pamamagitan ng pagkukumpuni ng mga luma nang kanal; restorasyon ng mga buhangin sa beach; pagkukumpuni sa mga lubak; pag-aayos ng mga kalsada; pagpapahusay sa kaligtasan sa daan, imprastruktura, at mga pasilidad sa kaligtasan ng publiko; dapat bang pagtibayin ng Encinitas ang panukalang nagtatakda ng isang-sentimong (1%) buwis sa mga transaksyon at paggamit (pagbebenta), na makapagbibigay ng $15.4 milyon taon-taon para sa mga layunin sa pangkalahatang kita sa loob ng 10 taon? | OO |
| | HINDI |

Ang panahon ng paghahain ng kandidatura para sa katungkulan ng isang (1) Alkalde at dalawang (2) Miyembro ng Konseho (Distrito 1 at Distrito 2) ay magsisimula sa Lunes, Hulyo 15, 2024, at magtatapos sa Biyernes, Agosto 9, 2024, nang 4:30 p.m. Dapat rehistradong botante sa Encinitas ang lahat ng kandidato sa panahong maglabas ng dokumento sa nominasyon. Dapat nakatira rin ang mga kandidato para sa katungkulan ng Miyembro ng Konseho sa distritong nais nilang katawanin.

Walang sinumang maaaring maghain ng mga dokumento sa nominasyon para sa higit sa isang katungkulan sa parehong halalan.

Kung hindi maghahain ang **nanunungkulan** para sa posisyon ng Alkalde hanggang sa takdang panahon na Agosto 9, 2024, papalawigin ang takdang panahon hanggang Agosto 14, 2024 nang 5:00 p.m. para sa mga hindi nanunungkulang kandidato.

Kung hindi maghahain ang **nanunungkulan** para sa posisyon ng Miyembro ng Konseho hanggang sa takdang panahon na Agosto 9, 2024, papalawigin ang takdang panahon hanggang Agosto 14, 2024, nang 5:00 p.m., para sa mga hindi nanunungkulang kandidato

Kung wala o isang tao lang ang maimumungkahi para sa ihahalal na katungkulan,

maaaring magsagawa ng pagtatalaga sa ihahalal na katungkulan ayon sa iniaatas ng Seksyon 10229 ng Kodigo sa Halalan ng Estado ng California.

Bubuksan ang Mga Sentro ng Pagboto mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., sa Araw ng Halalan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga lokasyon ng sentro ng pagboto at mga oras ng operasyon, pagpapaparehistro para makaboto, at karagdagang impormasyon sa pagboto, makipag-ugnayan sa Tagapagrehistro ng Mga Botante ng County ng San Diego sa https://www.sdvote.com. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa munisipal na halalan, bisitahin ang page ng website ng Mga Munisipal na Halalan ng Lungsod ng Encinitas na matatagpuan sa http://www.encinitasca.gov/Government/Municipal-Elections o makipag-ugnayan sa Departamento ng Klerk ng Lungsod sa 760-633-2601. \Kathy Hollywood, Klerk ng Lungsod, May petsang: Hunyo 14, 2024